# {Ako noon ay lalaking madhdhā'§ at ako noon ay nahihiya na magtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa katayuan ng anak niya kaya nag-utos ako kay Al-Miqdād bin Al-Aswad [na magtanong] saka nagtanong naman ito sa kanya kaya nagsabi siya: "Maghuhugas siya ng ari niya at magsasagawa siya ng wuḍū'.}

Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ako noon ay lalaking madhdhā'§ at ako noon ay nahihiya na magtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa katayuan ng anak niya kaya nag-utos ako kay Al-Miqdād bin Al-Aswad [na magtanong] saka nagtanong naman ito sa kanya kaya nagsabi siya: "Maghuhugas siya ng ari niya at magsasagawa siya ng wuḍū'.} Batay kay Imām Al-Bukhārīy: {kaya nagsabi siya: "Magsagawa ka ng wuḍū' at maghugas ka ng ari mo."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid si Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) na siya noon ay madalas labasan ng madhy. Ito ay isang puting malabnaw na malagkit na likidong lumalabas mula sa ari sa sandali ng pagnanasang seksuwal o bago ng pagtatalik. Hindi niya nalalaman kung papaano ang gagawin niya sa paglabas nito sapagkat nahiya siyang magtanong sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil siya ay asawa ni Fāṭimah na anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Kaya humiling siya kay Al-Miqdād bin Al-Aswad na magtanong sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) tungkol doon. Sumagot naman ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na maghugas siya ng ari niya, pagkatapos magsagawa siya ng wuḍū'.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee